



Sa pagkakasakit,  
pangangailangang pinansyal at  
tulong sa pagtanda.....

**ALALAY MO SI BRO**

Iba pang mga benepisyo para sa mga magsasaka:

- BRO for Education (BRO-Ed)
- Ayuda sa Presyo (BRO-ASAP)
- Pantawid Pamasaha Program (BRO-PPP)
- Paneguro sa Pananim (BRO-PSP)
- Accident Insurance (BRO-PNB M)
- SSS Coverage (BRO-SSS M)
- Healthcare (BRO-Healthcare)
- Philhealth (BRO-PH M)
- Animal Dispersal (BRO Paiwi)
- Livelihood Program (BRO Livelihood)



Republic of the Philippines  
PROVINCE OF ISABELA  
City of Ilagan



**Sapat na Seguridad  
para sa Magsasaka  
(BRO-SSSM)**



## ***BRO – SSS M Mga Importanteng Detalye***

### ***Anoang BRO-SSS M?***

Ang BRO Sapat na Seguridad para Sa mga Magsasaka (BRO-SSSM) ay isang programang pangseguridad na pakikinabangan ng mga maliliit na magsasaka o small farmers ng Isabela sa oras ng kanilang pangangailangan dahil sa pagkakasakit (sickness), panganganak (maternity), pagkapinsala ng pisikal na kakayahan (disability), pagtanda (retirement) o pagpapalibing (funeral). Ibinibigay ang benepisyong ito sa mga small farmers dahil miyembro sila ng SSS o Social Security System at mayroon silang premium o kontribusyon dito.

### ***Paano Makakuha ng Benepisyo sa BRO-SSS M?***

Ang Pamahalaang Panlalawigan ng Isabela ang magbabayad ng premium o membership contribution ng mga magsasaka. Sa kontribusyong ito, pwedeng makuha ng lahat ng miyembro ang benepisyong maaring ipinagkakaloob ng SSS dahil ituturing nang SSS Member o insured ang magsasaka, magagamit na nila ang lahat ng karapatan, pribelehiyo at benepisyo ng isang SSS Member.

### ***Kailan pwedeng gamitin ang benepisyong BRO-SSS M?***

Sa oras ng kagipitan bunga ng suliraning may kaugnayan sa pagkakasakit, aksidente, panganganak, pagtanda, pagkapinsala ng pisikal na kakayahan at pagkamatay, ang miyembrong magsasaka ay may masasandalang tulong mula sa SSS.

### ***Kailan magsisimula ang pagiging ganap na miyembro ng BRO-SSS M?***

Mula sa unang buwan na nagbayad ng kontribusyon, ang isang magsasaka ay ganap nang miyembro ng BRO-SSSM.

### ***Paano ang pagpapalista para maging BRO-SSS M Member?***

Makipag-ugnayan sa Municipal Agriculturist's Office o MAO sa munisipyo kung saan nakatira o matatagpuan ang bukid. Punan ang mga kailangang impormasyon sa Application Form. Maaaring humingi ng tulong sa Presidente ng Liga ng Baranggay sa bayan. Kailangan magdala ng isang orihinal o certified true copy at Xerox copy ng anuman sa mga sumusunod na dokumento:

- Birth Certificate
- Baptismal Certificate
- Passport
- Driver's License

Pag di makapagdala ng mga dokumentong nabanggit, kumuha ng sertipikasyon sa NSO na hindi nairehistro ang kapanganakan at magsumite ng dalawa sa alinman sa mga sumusunod:

- ID card na inisyu ng Gobyerno/LGU
- NBI Clearance
- Marriage Contract
- Voter's ID

### ***Paano makukuha ang benepisyo?***

Kailangang pumunta sa pinaka-malapit na SSS Office at ipagbigay alam kung anong nangyari sa miyembro. Dagdag pa dito, tutulong ang SSS para tukuyin kung anong benepisyo ang dapat matanggap ng miyembro. Kumpletuhin ang mga impormasyon na hinihingi at isumite ang kaukulang dokumento na magpapatunay sa kalagayan ng miyembro.

